# KAPASIYAHAN BLG. 2025-185

**"NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN AT LUMAGDA SA MEMORANDUM OF AGREEMENT (MOA) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN AT DEPARTMENT OF AGRICULTURE - REGIONAL FIELD OFFICE III KAUGNAY SA IMPLEMENTASYON NG GULAYAN SA BAYAN PROJECT."**

---

*Sa Pagtataguyod ni:*

**Igg. John Erick L. Perez**

*Tagapangulo*
**Pinagsanib na Lupon sa Agrikultura, Katiyakan sa Pagkain, Transportasyon, Komunikasyon at Impormasyong Pangteknolohiya**
at
**Lupon sa Mga Tuntunin, Pribilehiyo, Usaping Pambatas, Serbisyo Sibil, Mabuting Pamamahala, Kabuhayan, Paggawa at Karapatang Pantao**

---

**SAPAGKA'T,** ang Department of Agriculture ay naglabas ng Gulayan sa Bayan Project sa pamamagitan ng Memorandum Circular No. 16 Series of 2025;

**SAPAGKA'T,** ang Gulayan sa Bayan Project ay nauukol sa High Value Crop Development Program kung saan maglalaan ng pondo, mga binhi, polybags, kagamitang panghardin, organikong pataba, punla ng calamansi, at magbibigay ng teknikal na pagsasanay, gabay, inspeksyon, monitoring, at evaluation para sa proyekto;

**SAPAGKA'T,** ang Talampas Farmers Association bilang Anchor Group ay naglaan ng mahigit 1,000 square meter na lupa na gagamitin sa loob ng dalawang taon, at may obligasyong magpatakbo at magpanatili ng gulayan, magsumite ng ulat, at tiyakin ang tamang hatian ng ani (60% ibebenta, 30% konsumo ng miyembro, 10% donasyon sa feeding programs at community projects);

**SAPAGKA'T** ang proyekto ay naglalayong palakasin ang kakayahan ng mga benepisyaryo sa produksyon ng ligtas at masustansiyang gulay,

magsilbing modelo sa komunidad, at makatulong sa mga programang pang-nutrisyon;

**SAPAGKAT,** ang Seksyon 22(c) at Seksyon 444(b)(1)(vi) ng Batas Republika Blg. 7160, na kilala bilang Local Government Code of 1991, ay nagtatadhana na ang Punong Ehekutibo ng Lokal na Pamahalaan ay maaaring pumasok sa mga kontrata at kasunduan sa ngalan ng munisipalidad, sa pamamagitan ng paunang pahintulot ng Sangguniang Bayan.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. JOHN ERICK L. PEREZ** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, ng Sangguniang Bayan ng Bustos na bigyang pahintulot ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na katawanin ang Pamahalaang Bayan ng Bustos, Bulacan at lumagda sa memorandum of agreement (MOA) sa pagitan ng pamahalaang bayan at Department of Agriculture - Regional Field Office III kaugnay sa implementasyon ng gulayan sa bayan project.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-19 ng Disyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Lima sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Kyle Gabrielle DR. Navarro**
Kasangguni

**Romeo B. Cabalquinto**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Melvin H. Melencio**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Engr. Gliceria M. Perez**
Kasangguni

**Raymond R. Perez**
Pangalawang Pangulo ng
Liga ng mga Barangay

**Mel Ryan P. Juan**
Pangulo ng
Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan

**Martin SJ. Angeles, MMPA**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

——■——

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-19 ng Disyembre taong Dalawanlibo Dalawampu't Lima.

**Atty. Gerardo S. Briasa**
Kalihim